

INTERPRETER FORM

PORMULARYO NG TAGASALIN

Pangalan: _____ Lenguwahe: _____

Telepono: _____ E-Mail: _____

Dibisyon/Sangay/Seksyon/Yunit ng DHS: _____

Titulo ng Posisyon sa DHS: _____

Para sa Kawani ng DHS na Boluntaryong Tagasalin (DHS Staff Volunteer Interpreter):

- Gusto kong maging boluntaryong tagasalin ng DHS. Ipaalam ko sa DHS Personnel Office, Civil Rights Compliance Staff, kung hindi ko na gustong maging boluntaryong tagasalin.
- Hindi ko gustong maging boluntaryong tagasalin ng DHS; gayunman, maaari akong maglingkod bilang tagasalin:

Para sa mga Pamilya at Kaibigang Maglilingkod bilang Tagasalin:

Pangalan ng Taong Aalayan mo ng
Paglilingkod bilang Tagasalin: _____

Kaugnayan mo sa Taong
Paglilingkuran bilang Tagasalin: _____

Adres ng Tagasalin _____
(P.O. Box o Numero at Kalye, Apt. No., Lungsod, Estado, Zip Code)

Telepono ng Tagasalin: _____ (Telepono sa Tahanan) _____ (Iba pang Telepono)

Ipinahahayag ko na totoo ang mga sumusunod:

Nabasa ko at naiintindihan ang Kodigo ng Etika ng Tagasalin o Interpreter Code of Ethics (nasa likod ng pormularyong ito) at sang-ayon akong sundin ito kung maglilingkod bilang tagasalin.

18 taong gulang na ako o mas higit pa.

Lagyan ng tsek ang lahat na angkop sa iyo:

Kaya kong makipag-usap sa Ingles/English at sa lengguwaheng nakalista sa itaas.

Kaya kong magsalin sa Ingles/English at sa lengguwaheng nakalista sa itaas.

Kaya kong isalin ang nakasulat sa Ingles/English sa lengguwaheng nakalista sa itaas.

Kaya kong isalin sa Ingles/English ang nakasulat na lengguwaheng nakalista sa itaas.

Pagkamatatas

	Katamtaman	Mahusay	Napakahusay

Maliban kung hindi aprubado ng DHS, naiintindihan kong boluntaryo ang paglilingkod ko at hindi ako tatanggap ng anumang bayad mula sa DHS.

Pirma

Petsa

Interpreter Code Of Ethics

Kodigo ng Etika ng mga Tagasalin

1. Katumpakan

- a. Dapat isalin nang wasto at kumpleto ng tagasalin ang mensahe at tono ng nagsasalita, nang walang idinadagdag o ibinabawas.
- b. Dapat isalin nang tumpak ng tagasalin ang mga salitang nakasasakit, malaswa, at terminolohiyang sekswal, sa paraang mahinahon bagaman nasa matinding sitwasyong emosyonal ang tagasalin.
- c. Dapat humingi ng paglilinaw kung kinakailangan ang tagasalin.
- d. Kapag napansing hindi naintindihan ang komunikasyon, maaaring ihayag ng tagasalin ang posibleng hindi pagkaunawa sa nagpapasalin ng serbisyo na siyang magpapasiya kung paano ito lulutasin. (Na hindi dapat paraanin sa legal na hakbangin.)

2. Pagkakumpidensyal

- a. Dapat panatiliing kumpidensiyal ng mga tagasalin ang lahat ng impormasyong kaugnay ng kanilang takdang gawain at hindi dapat ibunyag ang anumang impormasyong natamo sa mga dokumento o iba pang kasulatang sumakamay nila kaugnay ng gawain.

3. Kawalang Pinapanig

- a. Dapat umiwas ang tagasalin sa pagtanggap ng takdang gawaing makaaapekto ang pamilya, personal o propesyonal na kaugnayan sa patas o walang pinapanigang pag-iisip.
- b. Dapat ibunyag ng tagasalin ang anumang kaugnayan sa sinuman o anumang maaakalang kasalungat ang interes.
- c. Dapat magpakita ang tagasalin ng paggalang sa lahat ng taong kasangkot sa sitwasyon ng interpretasyon; dapat din siyang kumilos sa paraang walang kinakampihan, walang pinapanigan, walang kinikilingan, at bukas sa kulturang pinaglilingkuran.

4. Mga Hangganan ng Ginagampanang Papel

- a. Dapat gumamit ang mga tagasalin ng unang panauhan (first person) sa pagsasalita upang mapagaang ang tuwirang komunikasyon.
- b. Pananatilihin ng mga tagasalin ang angkop na hangganan ng papel na ginagampanan sa pag-iwas sa lahat ng di-kinakailangang kaugnayan sa partido sa labas, at habang ginagawa ang interpretasyon.
- c. Hindi isisingit ng tagasalin ang mga personal na opinyon; ni hindi magbibigay ng payo o pangaral sa mga taong pinaglilingkuran bilang tagasalin.

5. Propesjonalismo

- a. Dapat dumating sa oras, sa itinakdang lugar ang tagasalin; handa at angkop ang bihis.
- b. Hindi dapat ianunsyo ng isang tagasalang kinasundo ng ahensya ang sariling negosyo sa mga kustomer nito; ni hindi dapat tumanggap/humingi ng pabuya o karagdagang bayad sa kanila.
- c. Dapat iharap ng mga tagasalin ang kanilang mga kuwalipikasyon, pagsasanay at karanasan; dapat ding iwasan ang pagtanggap ng mga takdang gawaing hindi sila kuwalipikadong gawin.
- d. Lalahok ang mga tagasalin sa mga programang patuloy na edukasyon kung mayroon ang nito.
- e. Para mapabuti ang pagganap sa kanilang tungkulin, dapat humingi ang tagasalin ng mga punang tumataya ng kanilang mga kakayahan.

English version was adopted from Dr. Suzanne Zeng, Center for Interpretation and Translation Studies, University of Hawaii